



GLOBAL YOUTH CULTURE

Pananaw Mula sa Isang Henerasyong Digital

Talaan ng mga Nilalaman

3 PANIMULA

- 5** MGA RELIHIYOSONG PAG-UUGALI AT MGA GAWI
 - 16** MGA PERSONAL NA KARANASAN AT PAGSISIKAP
 - 25** UGNAYAN AT EPEKTONG *DIGITAL*
 - 33** PAGKAKAKILANLAN AT MGA RELASYON
 - 44** MGA IMPLUWENSYA AT GUMAGABAY NA TINIG
-

- 53** SULAT MULA KAY ROB HOSKINS
- 54** TUNGKOL SA ONEHOPE
- 54** METODOLOHIYA
- 55** KOLEKSYON NG MGA DATOS
- 56** MGA PAKAHULUGAN

PANIMULA

Ang kasalukuyang henerasyon ng mga kabataan sa mundo ay ipinanganak sa pagitan ng taong 1995 at 2012. Halos dalawang bilyon sa henerasyong ito ang bumubuo sa halos 25% ng populasyon ng mundo.¹ Bunga ng kanilang mga karanasan sa buhay at sa mundo na kanilang kinagisnan, ang mga kabataang ito ay may natatangi at magkakaibang pananaw.

Ang pagsasaliksik na ito ay nagpapakita ng mga gawi, pakikibaka, paniniwala at mga impluwensya ng henerasyong ito sa buong mundo. Ipinapakita din ng mga datos ang kanilang mga pananaw sa Diyos, kay Jesus, sa Biblia, at sa iglesiang Kristiyano. Naniniwala kami na ang pag-aaral na ito ay ang pinaka- komprehensibo sa mga katulad na pagsasaliksik pagdating sa malalim na pagtingin sa pananampalataya ng henerasyong ito sa buong mundo, Ang daan-daang mga datos na aming nakolekta mula sa libu-libong kabataan ay lumilikha ng isang larawan ng henerasyong ito na kinapapalooban ng ilang mga kagulat-gulat na pagkatuklas at mga natatagong kuwento.



20 mga bansa



Labing-apat
na wika



8,394 na mga
kabataan na
nakaugnay digital



Mga Edad
13-19



70 item para
sa pagsisiyasat



Africa: Kenya, Nigeria, South Africa (1,275 kabataan na nasiyasat)

Asia: China, India, Indonesia, Japan, Vietnam (2,100 kabataan na nasiyasat)


Eurasia: Egypt, The Netherlands, Portugal, Romania, Russia, Spain, The United Kingdom (2,936 kabataan na nasiyasat)

Latin America: Argentina, Brazil, Colombia, Mexico (1,673 kabataan na nasiyasat)

North America: United States (410 kabataan na nasiyasat)

¹ United Nation Dibisyon ng Populasyon <https://esa.un.org/unpd/wpp/DataQuery/>

TUNGKOL SA MGA KABATAAN



MGA IBANG RELIHIYON 23%

- Muslim 12%
- Buddhist 5%
- Hindu 4%

WALANG RELIHIYON 34%

- Ateista 15%
- Wala 13%
- Agnostik 5%



Ang pagsasaliksik na ito ay ipinamahagi sa isang online panel ng mga kabataan na may edad na 13 hanggang 19 na may regular na koneksyon sa internet. Tandaan na ang mga resultang ito ay hindi sumasalamín sa lahat ng pananaw ng mga kabataan, kundi yon lamang may koneksyon sa internet. Ang mga datos ay kinolekta sa pagitan ng Pebrero 24 hanggang Marso 27, 2020—bago ang epekto ng pandaigdigang pandemya ng corona virus na naranasan sa isang malawakang paraan. Bilang resulta, ang pagsasaliksik na ito ay sumasalamín sa mga pananaw at gawi ng mga kabataan bago magkaroon ng mga shelters at mga batas para sa quarantine.

Mula sa Team ng mga Tagapagsaliksik

Umaasa kami na hindi lamang kayo matututo ng mga bagong bagay sa ulat na ito kundi maaantig din ang inyong mga isip at puso para kumilos sa kapakanan ng henerasyong ito—na gaya ng bawat henerasyon—ay lubhang nangangailangan ng pag-asa ng Ebanghelyo sa kanilang mga buhay. Ang bawat istatistika sa pag-aaral na ito ay kumakatawan sa kanya kanya nilang mga pag-asa, takot at pagsisikap ng maraming kabataan. Ang bawat isa sa mga kabataan na ito ay may pangalan, may kuwento at may walang hanggang kapalaran. Ang OneHope ay nakatuon para maapektuhan ang kapalaran ng mga kabataang ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng bawat kabataan kay Jesus sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

MGA SALOOBIN AT GAWING PANRELIHIYON

Ang Aming Natuklasan

ANG MGA KABATAAN SA BUONG MUNDO...



Mahigit sa kalahati (52%) ng mga kabataan sa buong mundo ay nagsasabi na **hindi sila nagbabasa ng mga Kasulatang panrelihiyon na sila lamang.**



Ang mga kabataan na hindi dumadalo sa simbahan pananambahan ay nag-uulat na sila ay **bukas sa pagdalo sa simbahan kung sila ay iimbitahan** at nagsasabi na kung ang mga Kristiyanong na kilala nila ay **mabait at mapagmalasakit.**



Mahigit sa kalahati (52%) ng mga kabataan ay naniniwala na ang **lahat ng mga relihiyon ay pare-parehong nagtuturo ng wastong katotohanan.** Ang mga Kristiyanong ay **malamang** na nagsabi nito kagaya ng mga hindi mananampalataya.



Dalawa sa tatlong kabataan sa buong mundo ang nagsasabi na ang kanilang paniniwala o paglalakbay espiritwal **ay isang mahalagang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan.**

Ang mga kabataang Muslim sa aming pag-aaral ang **pinakadisciplinado** sa lahat ng relihiyon **pagdating sa pagdalo sa mga gawaing panrelihiyon, pakikipag-ugnayan sa Kasulatan, at pananalangin.**



MGA KRISTIYANONG KABATAAN...

43% ng mga kabataan na siniyasat ang **ipinapakilala ang kanilang sarili bilang Kristiyanong.**



7% lamang ang nagpapakita ng mga paniniwala at gawi ng isang **tapat na Kristiyanong.**
(Tingnan ang pakahulugan sa pahina 8)



40% ng mga kabataan na nagpapakilalang Kristiyanong ang nagsasabi na **hindi sila nagbabasa ng Biblia.**



Ang mga kabataan na naniniwala sa mga pangunahing paniniwala ng Kristiyanismo, regular na nagbabasa ng Biblia at palaging nananalangin ang iniulat na **mas kakaunti sa kanila ang nakakaranas ng personal na paghihirap.**




Mga Saloobin at Gawing Panrelihiyon

Ang pagsasaliksik na ito ay natatangi at komprehensibo sa pagsusuri sa papel na ginagampanan ng pananampalataya at relihiyon sa buhay ng mga kabataan ngayon.

Ayon sa kanila gaano kahalaga ang isang espiritwal na paglalakbay? Paano nila pinamumuhay ang kanilang mga paniniwala? Sinasaliksik ng pag-aaral na ito ang mga saloobin at gawing panrelihiyon ng mga kabataan ngayon at ang epekto nito sa ibang mga aspeto ng kanilang mga buhay.

PANDAIGDIGANG PAGKAKAKILANLAN SA RELIHIYON

Sa buong mundo, humigit kumulang 2 sa 5 kabataan ang ipinakikilala ang kanilang sarili bilang Kristiyano, 1 sa 4 ang sa ibang relihiyon, at 1 sa 3 ang walang relihiyon, ateista, o agnostik. Sa lahat ng rehiyong aming pinagaralan, ang Africa ang may pinaka maraming Kristiyano at ang Asya ang may pinaka kaunting Kristiyano.



Ang Ilang Tapat

Ang ilan sa pinaka-interesado na aming natuklasan na may kaugnayan sa pananampalataya ay lumabas ng aming itinuon ang aming pansin sa mga Kristiyanong kabataan na tapat sa tradisyonal na gawi at paniniwalang Kristiyano. Natutunan namin kung ano ang kahulugan na kapag sinabi mo na isang kang Kristiyano ay maaaring maging napakalaki ng pagkakaiba depende sa tao, sa kanilang mga kapaligiran, at konteksto ng kultura. Sa layunin ng pagsasaliksik na ito, lumikha ang OneHope ng pakahulugan ng mga paniniwala at gawi na maaaring magpakilala kung ang isang kalahok na sinusuri ay isang tapat na Kristiyano.


ANIM NA KATANGIAN NG ISANG TAPAT NA KABATAANG KRISTIYANO




** Tandaan na ang mga kabataang ito ay ipinapakilala ang kanilang mga sarili bilang Kristiyano, ngunit hindi bilang Saksi ni Jehovah o Mormon. Ang mga tapat na Kristiyano ay maaaring Katoliko, Sabadista, Orthodox, o bilang ibang denominasyon.*

Sa buong mundo, halos 1 sa 14 na kabataan ang pasok sa katangiang ito ng isang tapat na Kristiyano. Habang 43% ng aming mga sampol ang ibinilang ang kanilang sarili sa Kristiyanismo bilang kanilang relihiyon, 7% lamang ang nagpapakita sa kanilang paniniwala at pag-uugali na sila ay tapat sa kanilang paglakad bilang Kristiyano. Ang mga nakatatandang kabataan ay mas malamang na maging mga tapat na Kristiyano kaysa sa mga nakababatang kabataan. 5% lamang ng mga kabataan na may edad na 13 hanggang 15 ang tapat na Kristiyano; 6% ng edad 16 hanggang 17; at 8% ng edad 18 hanggang 19.

TAPAT NA KRISTIYANO AYON SA EDAD




TAPAT NA KRISTIYANO SA BUONG MUNDO



GAWING PANRELIHIYON

Ang mga tapat na kabataang Kristiyano ay nagpapakita ng iba't ibang pag-uugaling panrelihiyon at kumbiksyon kaysa sa ibang mga Kristiyanong kabataan—na tinukoy bilang mga nominal na Kristiyano sa pag-aaral na ito. Ang mga tapat na Kristiyano ay mas lamang ng higit sa tatlong beses kaysa sa Nominal na Kristiyano na dumadalo sa pananambahan ng kahit na isang beses sa isang linggo. Malakas ang kanilang paniniwala na may responsibilidad sila na ibahagi ang kanilang pananampalataya sa iba, at isinasabuhay nila ang kumbiksyong ito sa pamamagitan ng pagbabahagi ng Ebanghelyo. Ang mga tapat na Kristiyano ay halos dalawang beses na nakikilahok sa mga hindi mananampalataya sa mga espiritwal na usapin katulad sa mga Nominal na Kristiyano.




Ang mga Pakinabang ng Pagiging Tapat

Sa praktikal na usapan, anong mga pagbabago ang ating nakikita sa buhay ng isang tapat na Kristiyano? Ipinapakita ng mga datos na ang pagiging isang tapat na Kristiyano ay may positibong pakinabang na hindi mapapasinungalingan.

MGA PERSONAL NA PAGSISIKAP

Sa nakaraang tatlong buwan, naranasan kong:




Ang mga tapat na Kristiyano ay mas maliit ang tsansa na magsabi na sila ay nakaranas ng kalungkutan kaysa sa ibang mga kabataan nakaisip na magpakamatay, o nagtangkang magpakamatay sa loob ng nakalipas na tatlong buwan. Mas maliit din ang tsansa na sila ay makaranas ng pagkalito sa kanilang kasarian o kailan lamang ay nakaranas ng atraksyon sa kapareho ang kasarian.

Naiulat na ang tapat na Kristiyano ay mas mababa ang antas na magkaroon sila ng mapanganib na asal at kalusugan sa pag-iisip sa halos bawat item na aming sinukat, habang naobserbahan namin na ang mga nominal na Kristiyano ay napakalapit sa karaniwang antas ng bilang ng lahat ng kabataan na aming sinuri sa buong mundo.

Gawing Panrelihiyon ng mga Kabataan sa Buong Mundo

Sinukat namin ang mga gawing panrelihiyon gaya ng pakikisama sa kanilang komunidad sa pananampalataya, pagbabasa ng Biblia, at pananalangin. Narito ang mga ulat tungkol sa ginagawa ng mga Muslim,¹ Kristiyano at mga kabataan na kabilang sa ibang relihiyon² sa mga aspetong ito.



1 Tandaan na ang halimbawa ng populasyon ng Muslim ay nakatuon sa Indonesia at Egypt, na may mga maliit na bilang sa Nigeria, India at Kenya

2 Tingnan ang pahina 7 para sa pandaigdigang pagbabahagi ng mga rate ng mga kabataan ayon sa relihiyon.

PAGBABASA NG KASULATAN




52% ng mga kabataan ang nagsasabi na hindi sila kusang nagbabasa ng mga kasulatang panrelihiyon.

Sa lahat ng mga kabataan na aming pinag-aralan, ang mga Muslim ang pinakarelihiyoso. Siyam sa sampung kabataang Muslim ang nagsasabi na ang kanilang paniniwala ay isang mahalagang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan—mas mataas na porsyento kaysa sa mga kabataan na kabilang sa ibang relihiyon. Ang mga kabataang Muslim din ang nagpapakita ng pagiging napakadisciplinado pagdating sa kanilang mga gawaing panrelihiyon. Animnapu't isang porsyento ng mga kabataang Muslim ang nagsasabi na pumupunta sila sa mosque araw araw o linggu linggo, habang 36 porsyento ng mga Kristiyano ang nagsasabi na dumadalo sila sa simbahan ng ganun din kadalas. Mahigit sa 1 sa 5 Kristiyanong kabataan ang nagsasabi na hindi sila dumadalo sa simbahan kahit kailan.

PAGDALO SA PANANAMBAHAN

- Linggu linggo o mas madalas
- Buwanan
- Ilang beses o mas kakaunti sa loob ng isang taon



Ang mga kabataang Muslim din sa aming pag-aaral ang pinakadisciplinado sa pagbabasa ng kanilang kasulatan at pananalangin. Tatlong beses na mas nagbabasa ang mga Muslim ng Koran araw araw (36%) kaysa sa mga kabataang Kristiyano na nagbabasa ng Biblia araw araw (11%). Dalawa sa bawat limang Kristiyanong kabataan ang hindi kusang nagbabasa ng Biblia.


MAY PINAKAKAUNTING NAGBABASA NG KASULATAN



% ng mga nagsasabi na hindi sila nagbabasa ng Kasulatan.

Kung ikukumpara sa kung gaano sila kadalas nagbabasa ng Kasulatan, mas malamang na sasabihin ng mga kabataan na sila ay nananalangin. Anuman ang relihiyon, 42% ng mga kabataan ang nagsasabi na nananalangin sila linggu linggo o araw araw. Ang mga Muslim ang pinakadisciplinado na may 72% ang nagsasabi na nananalangin sila araw araw kumpara sa 41% ng mga kabataang na napaulat na sila ay Kristiyano at 33% ng mga kabataan na kabilang sa ibang relihiyon.


Espiritwalidad Bilang Isang Pagkakakilanlan



41% ng mga kabataan na hindi na dumadalo sa pananambahan ang nagsasabi na dadalo sila kung iimbatahan.

34% ang nagsasabi na hindi sila tiyak.

WALA AKONG KAKILALA NA SINUMANG KRISTIYANO




Nakakasorpresa na ang mga kabataan sa buong mundo ay bukas sa konsepto ng pagiging espiritwal anuman ang kanilang relihiyong kinabibilangan. Dalawa sa tatlong kabataan sa buong mundo ang nagsasabi na ang kanilang pinaniniwalaan sa pananampalataya o espiritwal na paglalakbay ay isang mahalagang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan. Kapansin pansin na halos kalahating porsyento (44%) ng mga kabataan na walang relihiyon ang nagsasabi ng ganito.

Sinasabi din ng mga kabataan na maaari silang tumanggap ng imbitasyon para dumalo sa isang pagtitipon sa simbahan. 41 porsyento ng mga kabataan na hindi na dumadalo sa pananambahan ang nagsasabi na dadalo sila kung sila'y iimbitahin, kasama ang 34% pa ang nagsasabi na hindi sila tiyak. 1 lamang sa 4 ang nagsasabi na hindi sila dadalo. Tila nagpapahiwatig ito na ang mga kabataan ngayon ay mga naghahanap at bukas sa mga espiritwal na karanasan kung saanman nila matatagpuan iyon.

Ipinapakita din ng mga datos na ang mga kabataan ay may positibong pananaw sa mga mananampalataya sa kanilang buhay. Pitumpu't isang porsyento ng mga hindi Kristiyanong kabataan ang nagsabi na karamihan sa Kristiyano na kilala nila ay mabait at mapagmalasakit. Gayunman, sa ilang mga bansa sa Asya, marami-raming bilang ng mga kabataan ang nagsabi na wala silang kakilala na kahit sinong Kristiyano.

BUKAS SA PAGDALO SA PANANAMBAHAN



Kung Kailan ang Lahat ay Katotohanan

Ang mga kabataan ngayon ay hindi handang magsabi na ang katotohanan ay matatagpuan sa isang relihiyon lamang. Mahigit sa kalahati (52%) ng mga kabataan sa buong mundo ang naniniwala na ang lahat ng relihiyon ay pare-parehong nagtuturo ng pawang katotohanan. Sa mga Kristiyanong kabataan, 53% ang sumasang-ayon dito. Ang mga kabataan mula sa ilang relihiyon gaya ng Islam, Budismo, at Hinduismo ay mas naniniwala sa pananaw na ito.

Maaaring ito ang resulta ng pagiging bukas na pananaw ng henerasyong ito patungkol sa espiritwalidad dahil ang pananaw na ito ay tila pare-pareho sa lahat ng relihiyon at rehiyon. Sa katunayan, kung ang pananampalataya ay isang mahalagang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan, mas marami sa mga kabataan – hindi mas kakaunti – ang pinanghahawakan ang ganitong posisyon (67%). Nagtuturo ito sa isang kapansin-pansing kabaligtaran ng henerasyon ngayon. Pinaninindigan ng mga kabataan na ang isang espiritwal na paglalakbay ay isang mahalagang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan ng walang eksklusibong pananaw kung saan matatagpuan ang katotohanan. Kahit na ang mga Kristiyanong kabataan ay tila naimpluwensyahan ng ganitong pag-iisip. Isang mahalagang minorya (30%) ang hindi sumasang-ayon sa pahayag na ang kapatawaran ng mga kasalanan ay posible lamang sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus Kristo.


52% mga kabataan sa buong mundo ang naniniwala na ang lahat ng relihiyon ay pare-parehong nagtuturo ng pawang katotohanan.

46% ng mga kabataan ang nagsasabi na hindi nila pinag-uusapan ang tungkol sa mga bagay na panrelihiyon o pang espiritwal sa ibang tao na hindi nila kapareho ang mga paniniwala.

Ang mga paniniwalang espiritwal ay personal at hindi karaniwan sa lahat. Halos kalahati (46%) ng mga kabataan ang nagsasabi na hindi sila nakikipag-usap sa ibang tao na hindi nila kapareho ang paniniwala tungkol sa relihiyon at mga espiritwal na bagay. Nasa 3 sa 10 ang nagsasabi na mayron sila ng ganitong uri ng espiritwal na pakikipag-usap isang beses, sa isang buwan o mas madalas, at mas marami ang bilang ng mga Kristiyanong kabataan na hindi nageebanghelyo.

PAGKAKAROON NG PAKIKIPAG-USAP TUNGKOL SA MGA BAGAY NA ESPIRITWAL

Gaano kadalas makipagusap ang mga kabataan tungkol sa relihiyon o mga espitiwal na bagay sa mga tao na hindi nila kapareho ang pinaniniwalaan (isang beses isang buwan o higit pa)



Nalaman ng pag-aaral na ito na **44% ng mga Kristiyanong kabataan** ang hindi naniniwala na may responsibilidad sila na ibahagi ang kanilang pananampalataya sa iba.

Konklusyon

Mahalagang tandaan na ito ay isang larawan ng mga saloobin at gawing panrelihiyon ng mga kabataan. Ang mga gawing ito ay hindi pa permanente sa buhay ng mga kabataan at maaaring magbago habang sila ay tumatanda. Pero sa sandaling ito, binibigyan tayo ng pagsasaliksik na ito ng napakahalagang kaalaman sa iniisip ng mga kabataan at tinuturo sa atin ang ilang praktikal na implikasyon at aplikasyon.

- **SAMANTALAHIN ANG PAGIGING BUKAS SA ESPIRITWAL NG HENERASYONG ITO.**

Ang henerasyong ito ay nagpapakita ng pagiging bukas sa ideya ng pagiging espiritwal at maraming hindi mananampalataya ang nagsasabi na handa silang bumisita sa simbahan. Bilang karagdagan, mayroon na silang positibong pananaw sa mga Kristiyano bilang mabait at mapagmalasakit. Ang mga paguusap na nagsisimula sa saligan na ang lahat ng tao ay nilikha para maging espiritwal ay maaaring magbukas ng pintuan para sa isang mas malalim na pagsasaliksik ng pananampalataya.

- **ANG PAGSUNOD KAY CRISTO AY PAREHONG ISANG PAGKAKAKILANLAN AT ISANG DISIPLINA.**

Ang mga kabataan na pinanghahawakan ang mga pangunahing paniniwala ng Kristiyanismo at sinasamahan iyon ng pagbabasa ng Kasulatan at pananalangin ay kakikitaan ng maraming positibong pagkakaiba sa kanilang buhay kumpara sa realidad ng pamumuhay ng mga nominal na Kristiyano o ibang mga kabataan. Ang pagdidisipulo ng henerasyong ito na nakatuon sa mga pangunahing paniniwala at pagsasanay ay maaaring maging daan sa pagsasaayos ng maraming bahagi ng kanilang buhay.

- **MAY ILANG KATOTOHANAN NA SADYANG EKSLUSIBO.**


Ang mga Kristiyanong kabataan sa pag-aaral na ito ay tila hindi handang italaga ang sarili sa isang eksklusibong pananaw sa katotohanan o yumakap sa responsibilidad na ibahagi ang katotohanan sa ibang tao. Paano natin matutulungan ang mga kabataan na maunawaan na ang eksklusibong pag-angkin ng Ebanghelyo at ipamuhay ito sa isang kultura na nangangaral ng pagtitiis at pakikisama.



MGA PERSONAL NA KARANASAN AT PAGSISIKAP


Ang Aming Natuklasan

Isang mahalagang bilang ng mga kabataan ang nakikipaglaban sa kanilang kalusugan sa pag-iisip, nag-uulat ng pangungulila, depresyon, sobrang pagkabalisa, at pag-iisip at tangkang pagpapakamatay.



1 sa 4

na kabataan sa buong mundo ang nag-uulat na **nakaisip** sila na magpakamatay sa loob ng nakaraang 3 buwan.



1 sa 14 ang nagsasabi na **tinangka** nilang kunin ang kanilang sariling buhay sa loob ng nakalipas na 3 buwan.

Ang mga babae ay higit na **nakikipaglaban** kaysa sa mga lalaki pagdating sa kalusugan sa pag-iisip at halos dalawang beses na mas marami sa kanila ang malamang na magsasabi na nagtangka silang magpakamatay.




MGA KABATAAN SA BUONG MUNDO



3 sa 10 kabataan sa buong mundo ang nag-uulat na sila ay sekswal na aktibo sa nakalipas na 3 buwan.

MGA KRISTIYANO



Ang bilang na ito ay **mas higit pa sa mga Kristiyano** (1 sa 3).

Tandaan: Ito ay sumasalamín sa mga walang asawang kabataan



1 sa 5

kabataan ang nag-uulat na sila ay nakararamdam ng sekswal na atraksyon sa isang tao na kapareho nila ang kasarian sa loob ng nakalipas na 3 buwan.

Isang Nakababahalang Pagtingin sa Kalusugan sa Pag-iisip


Ang pagbibinata/pagdadalaga ay isang yugto ng buhay na maaaring maging puno ng kahirapan sa maraming antas. Maaaring ang mga kabataan ay nahihirapan sa pagkilala sa kanilang sarili, kung magiging sino sila, kung saan sila magaling at kung ano ang kanilang gustong gawin sa kanilang buhay; bukod pa sa pagharap sa posibleng romantikong relasyon at paghahanap ng lugar sa isang barkada. Napakarami ng mga nangyayari sa mga kabataan at ang mga kabataan sa pag-aaral na ito ay tapat sa kanilang pagsasabi sa amin na sila ay humaharap sa ilang mga seryosong isyu.

Halos 2 sa tatlong kabataan ang nagsabi na nakakaranas sila ng kalungkutan, mahigit sa kalahati ang nagsabi na nakakaranas sila ng sobrang pagkabalisa, at halos kalahati ang nagsabi na nakakaranas sila ng depresyon.¹ Iniulat ng mga kabataan ang tungkol sa kanilang mga personal na karanasan at pakikibaka sa loob ng nakaraang tatlong buwan ng kanilang buhay na ang datos ay nakolekta noong Pebrero hanggang Marso 2020. Nangangahulugan ito na inilawaran ng mga kabataan ang kanilang buhay bago makaranas ng malawakang epekto ng pandemyang coronavirus na nagresulta sa mga pambansang lockdowns at quarantines.

KALUSUGAN SA PAG-IISIP SA BUONG MUNDO

Sa loob ng nakalipas na tatlong buwan, ako ay nakaranas ng:


PANGUNGULILA



SOBRANG PAGKABALISA



DEPRESYON



¹ Ang mga ito ay hindi nangangahulugan ng mga antas ng depresyon o pagkabalisa. Inunawa ng mga kabataan ang mga ito ayon sa mga tuntunin na binigay sa kanila at mga personal na ulat kung naranasan nila ang mga ito.

Tinanong din namin ang mga kabataan na iulat ang sarili kung sa loob ng nakaraang tatlong buwan ay nakaranas sila ng pag-iisip ng pagpapakamatay o nagtangka silang magpapakamatay.


Isa sa apat na kabataan sa buong mundo ang nag-ulat na naisip nilang magpapakamatay, kasama ang apat na bansa na nag-uulat ng 1 sa 3 o higit pa. Ang pananaw ng pagpapakamatay ay maaaring magpakita sa maraming anyo mula sa isang kaswal at malaki, bukod na pag-iisip hanggang sa detalyado at pinagplanuhan.

1 SA 4 NA MGA KABATAAN SA BUONG MUNDO ANG NAG-ULAT NA NAG-ISIP NA MAGPAKAMATAY.


NANGUNGUNANG MGA BANSA



MGA NAG-ISIP NA MAGPAKAMATAY



MGA TANGKANG PAGPAKAMATAY



Siyempre, hindi lahat ng nag-iisip magpapakamatay ay nagtatapos sa aktwal na pagpapakamatay. Gayunman, 7% ng mga kabataan (1 sa 14) sa buong mundo ang nagsabi na sila ay nagtangkang magpapakamatay sa loob ng nakalipas na 3 buwan, kasama ang apat na bansa na nag-ulat ng mahigit sa 1 sa 10.¹

Isang kapansin-pansing obserbasyon sa pag-aaral na ito tungkol sa pagpapakamatay ay mas malamang na mag-ulat ng ganito ang mas nakababatang kabataan kaysa sa nakatatanda.

TANGKANG PAGPAKAMATAY AYON SA EDAD



13-15



16-17




18-19

¹ Mahalagang matandaan natin na ang mga data ay personal na ulat ng mga kabataan, hindi nakuha sa mga talaan ng ospital o bansa na nag-uulat batay sa kanilang mga pagsasaliksik sa mga kaso ng ibang pag-aaral sa ganiitong paksa.

Nasa madilim na mga Lugar ang mga Kabataan

Itinuturo ng pananaliksik na literatura ang paksang ito ang ilang mga dahilan na nag-uugnay sa panganib ng pagpapakamatay ng isang kabataan kabilang ang mga isyu sa LGBTQ, paggamit ng bawal na gamot, pambu-bully, at mga sintomas ng labis na pagkabalisa o depresyon.¹ Ipinakita ng aming pagsasaliksik ang parehong mga koneksyon. Ang mga kabataan na nahihirapan sa kanilang pagkakakilanlan sa kasarian o atraksyon sa kapareho nilang kasarian ay nasa mataas na porsyento ng pagpapakamatay, maging ang mga kabataan na napaulat na biktima ng pambu-bully online at ang mga humaharap sa mga isyu ng kalusugan sa pag-iisip. Naobserbahan din na ang paggamit ng droga at alkohol ay may kaugnayan sa mas mataas na bilang ng pag-iisip na magpapakamatay at tangkang pagpapakamatay.

7 DAHILAN NA MAY KAUGNAYAN SA MAS MATAAS NA PANGANIB NG PAGPAPAKAMATAY




Ang mga tangkang pagpapakamatay, gaya ng pag-iisip na magpakamatay ay bahagi sa isang nagpapatuloy na walang taros na pag-uugali na nagpapakita ng mababang pagpapahalaga sa buhay hanggang sa pinagplanuhan at mapangahas na pagtatangka. Hindi nangangahulugan na isang pangyayari lamang ang magtutulak sa isang kabataan na kunin ang kanyang sariling buhay kundi ito ay maaaring isang serye ng maliliit na hakbang at pag-iisip na unti-unting nabubuo. Ilan sa mga tangkang pagpapakamatay ng mga kabataan na naiulat sa aming pag-aaral ay maaaring hindi ganun ka-seryoso para mangailangan ng interbensyong medikal.

Kahit anuman ang partikular na mga kaganapan, ipinapakita ng datos na ito na ilang mga kabataan ang nasa napakadilim na lugar na nagtutulak sa kanila para gumawa ng desperadong aksyon. Ang datos na ito ay nagbibigay ng dahilan para tayo ay tumigil at pagisipan ang seryosong pinagmulan at malawak na pagitan ng isyung ito sa buhay ng mga kabataan. Pagdating sa pagpapakamatay, hindi kami tumitingin sa mga numero sa isang pahina o porsyento ng isang sampol – kundi sa tunay na buhay ng mga tao. Ito ay nangangahulugan na kahit anong numero ay napakarami.

¹ CDC WONDER Online Database, Pinagbabatayang Dahilan ng Kamatayan, Iba't-ibang Dahilan ng Kamatayan files 2015-2017. [AmericasHealthRankings.org](https://www.americashealthrankings.org), Accessed 2020.

MAS NAHIHIRAPAN ANG MGA BABAE

Ang mga kabataang babae ay higit na nahihirapan kaysa sa mga kabataang lalaki pagdating sa pananaw sa kanilang kalusugan sa pag-iisip. Posible na ang mga babae ay mas malaya na sabihin ang mga paghihirap na kanilang nararanasan. Gnaun pa man, naobserbahan ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga babae at lalaki sa lahat ng mga rehiyon at relihiyon.




Kapansin-pansin na ang pagiging isang tapat na Kristiyano ay hindi nabago ang kuwento ukol dito. Ang antas ng personal pagsusumikap ay naobserbahan na mas mababa sa mga tapat na Kristiyano, pero sa bawat isa sa mga items ay nananatili ang malawak na agwat sa pagitan ng mga lalaki at mga babae.

Mga Kabataan at Sekswalidad

Ang edad ng mga kabataan ay maaaring maging isang panahon ng eksperimentong sekswal. Sa buong mundo, 3 sa 10 kabataan ang nagsabi na sila ay aktibo sa pakikipagtalik sa loob ng nakalipas na 3 buwan. Maaari itong kumatawan sa malawak na potensyal ng pag-uugali, pero sa pagsagot sa mga tanong, binigyan ng kahulugan ng mga kabataan kung ano ang ibig sabihin ng pagiging aktibong sekswal. Ang sinumang kabataan na nagsabing sila ay may asawa na ay hindi isinama para matiyak na ang istatistikang ito ay para lamang sa pagtatalik ng labas sa konteksto ng pag-aasawa. Ang mga kabataan sa Africa ang mas higit na mag-ulat ng pinakamataas na aktibidad na sekswal, at ang mga kabataan naman sa Asia ang pinakamababa.


AKTIBO SA SEKSWAL AYON SA BANSANG



AKTIBO SA SEKSUAL AYON SA EDAD


Ang Seksual na Aktibidad ay Tatlong Beses na Mataas sa mga Nakatatandang Kabataan (18-9) Kumpara sa mga Nakababatang Kabataan (13-15).

Gayunman, mahigit sa 1 sa sampung kabataan na mababa sa edad na 16 ang naiulat din ng seksual na aktibidad kamakailan lang. Ang antas ay mas mataas sa mga nominal na Kristiyano sa bawat edad. Halos magkapareho ang ulat ng mga lalaki at babae sa pagiging aktibo sa seksual.




TUGON NG MGA KRISTIYANONG KABATAAN

Ang seksual na aktibidad ay tila isang gawi ng ilang mga kabataan na hiwalay sa kanilang paniniwalang moral tungkol sa paksa. Sa pangkalahatan, ang mga Kristiyano ay mas malamang na mag-ulat ng seksual na aktibidad kamakailan lang kaysa sa mga kabataan na kabilang sa ibang relihiyon. Bagama't sinasang-ayunan nila ang turo ng Biblia na ang pakikipagtalik ay para lamang sa mag-asawa, ang mga tapat na kabataang Kristiyano ay malamang na kapareho lamang ng mga nominal na Kristiyano sa seksual na aktibidad.



OKEY LANG BANG MAKIPAGTALIK BAGO ANG MAG-ASAWA?



Isang Tunay na Problema ang Pornograpiya


Halos kalahati (48%) ng mga kabataan ang umamin na sila ay tumitingin sa pornograpiya.

Ang mga lalaki ay mas malamang na tumingin sa mga malalaswang materyal kaysa sa mga babae sa loob ng nakalipas na 3 buwan (56% vs 40%).

Mayroon din sa datos na kalakaran na ayon sa edad na ang mga mas nakatatandang kabataan ay mas gumagamit ng pornograpiya kaysa sa mga nakababatang kabataan. Ngunit walang katiyakan na maiingat ka mula dito. Sa mga kabataang may edad na 13 -15, 2 sa 5 ang nagsasabi na nanood sila ng pornograpiya kamakailan lang.

48% NG MGA KABATAAN ANG NAGSASABI NA TUMINGIN SILA NG PORNOGRAPIYA KAMAKAILAN LANG.

PAGGAMIT NG PORNOGRAPIYA AYON SA EDAD



SUMAGOT ANG MGA KRISTIYANONG KABATAAN

■ MGA TAPAT NA KRISTIYANO
■ MGA NOMINAL NA KRISTIYANO

Tumingin ako ng pornograpiya kamakailan lang.



Konklusyon

Ang mga paghihirap na iniuulat ng mga kabataan ay dapat nating ikabahala. Iba-iba ang sitwasyon ng bawat kabataan at wala kahit isa man ang tumugon sa mga hamon na kanilang hinaharap. Ngunit napakahalaga na malaman natin ang pinagmulan at kaseryosohan ng tunay na sinasabi ng mga kabataan na nangyayari sa kanilang mga buhay. Narito ang mga karagdagang bagay na dapat isaalang-alang habang kumikilos tayo patungo sa aksyon mula sa awa:

- **KAILANGAN NG MGA KABATAANG KRISTIYANO ANG PAGDIDISIPULO SA ASPETO NG SEKSWALIDAD.**

Marami sa mga kabataang Kristiyano ngayon ang inihihiwalay ang seks sa sagradong konteksto ng pag-aasawa at itinuturing na ito ay isa lamang gawain para sa kasiyahan ng indibidwal. Ang mga tapat na Kristiyano ay nagpapakita ng pang-unawa na mali ang pre-marital seks bago mag-asawa, ngunit hindi sila nahahadlangan ng kanilang kumbiksyong moral sa gawaing ito. Hindi sapat na turuan lamang ang mga kabataan kung ano ang sinasabi ng Bibliya. Paano natin gagabayan ang mga kabataan sa isang mas biblikal na pamumuhay na nagpapahalaga at nagiging mabuting katiwala sa kaloob ng sekswalidad?

- **ANG PAGGAMIT NG PORNOGRAPIYA AY ISANG MAHALAGANG ISYU SA HENERASYONG ITO.**

Ipinapakita ng datos na hindi natin masasabi na ang edad o relihiyon ay magpoprotekta sa isang kabataan laban sa paggamit ng pornograpiya. Kahit na ang mga kabataan na naninindigan sa paniniwalang Kristiyano at isinasapamuhay ang disiplinang Kristiyano ay nahihirapan sa aspetong ito.


- **MAAARING MANGAILANGAN ANG MGA KABABAIHAN NG KARAGDAGANG TULONG.**

Ang antas ng pagkakaiba sa personal na pakikipaglaban ng ayon sa kasarian ay hindi maitatanggi at ang mataas na antas sa mga kababaihan ay hindi maisasantabi. Ang pagiging tapat na Kristiyano ay nakakatulong sa pangkalahatan, ngunit hindi naisara nito ang agwat sa kasarian. Isaalang-alang natin ang naiibang pakikipaglaban na hinaharap ng mga kababaihan at kung paano natin bibigyan ng kakayahan ang mga babaing malago na sa pananampalataya para turuan ang susunod na henerasyong ito.




ANG
PAGKAKAUGNAY
AT EPEKTONG
DIGITAL

Ang Aming Natuklasan



Ang mga kabataan sa pangkalahatan ay gumugugol ng **7 oras at 23 minuto** sa online araw araw.



ng mga kabataan ang nagsasabi **na nanonood sila ng mga bidyo** araw araw.




Ang mga kabataan na **labis na gumamit ng internet** (10 oras pataas araw araw) ay **mas nahihirapan sa kanilang kalusugan sa pag-iisip.**

Mga tangkang pagpapakamatay

Labis na Pagkabilisa

Pag-iisip na Magpakamatay

Depresyon



Karamihan sa mga kabataan ay nagsasabi **na may kontribusyon ang social media sa kanilang kasiyahan sa buhay.**

64% ng mga kabataan ay gumagamit ng social media ng **isang oras o kulang sa isang oras** araw araw.




Oras na Ginugugol Online

Ito ang henerasyon na pinaka- konektadong digital na nasaksihan ng mundo. Ang mga kabataan ngayon ay lumaki sa internet, nagkaroon ng smartphones sa kanilang mga kamay sa batang edad, at hindi alam ang mundo na walang social media.

Ang pagiging konektado sa internet ang isa sa kundisyon sa pakikilahok sa pagsasaliksik na ito. Ang isa sa mga pangunahing layunin ng pagsasaliksik na ito ay imbestigahan ang mga epekto ng pagkakaugnay na digital sa mga pananaw, mga paniniwala at gawi ng mga kabataan.

Gaano karaming oras ang ginugugol ng mga kabataan sa online? Ano ang kanilang ginagawa habang gumagamit ng internet? Paano nakakaimpluwensya ang paggamit nila ng teknolohiya sa ibang mga bagay sa kanilang mga buhay? Mga ilan ito sa mga katanungan na tinalakay sa pag-aaral na ito.

Ang mga kabataan mula sa 20 bansa na sinuri ay pangkaraniwang gumugugol ng 7 oras at 23 minuto araw araw. Ang mga kabataan sa Brazil ang may pinakamahabang oras sa paggamit ng internet sa halos 9.8 oras araw araw, habang ang mga kabataan naman sa China ang gumuguol ng pinakamaiksing oras online sa 5.5 oras.



BANSA

9:29	Brazil
9:07	Indonesia
8:29	Argentina
8:28	Nigeria
7:54	Russia
7:40	Kenya
7:35	United States
7:34	India
7:22	Mexico
7:22	South Africa
7:19	Colombia
7:19	United Kingdom
7:08	Portugal
6:50	Vietnam
6:45	Spain
6:43	Egypt
6:42	Netherlands
6:29	Romania
6:03	Japan
5:24	China


GUMUGUGOL
ANG MGA
KABATAAN NG
MAHIGIT SA
7 ORAS ARAW
ARAW ONLINE



Panahon Online

Ano ang ginagawa ng mga kabataan sa lahat ng mga oras na ginugol nila online? Sinasabi ng mga kabataan na ginagamit nila ang karamihan ng oras sa pakikipag-usap, pagpapadala ng mensahe, o pakikipag chat sa bidyo. Ang Social Media ang kumukuha ng ikalawa sa pinakamaraming oras, kasunod ang panonood ng bidyo o pelikula online at ang huli ay ang paglalaro.

GINUGOL NA ORAS SA BUONG MUNDO AYON SA AKTIBIDAD



NANGUNGUNANG MGA BANSA

Ang mga kabataan sa ilang bansa ay gumugugol ng mas maraming panahon kaysa sa pangkaraniwang paggamit sa buong mundo sa bawat isa sa mga aktibidad na ito.

pakikipagchat



social media



panonood ng bidyo



paglalaro



Ang pinagsama-samang oras na ginugugol ay hindi lamang isang paraan para masukat kung ano ang kinahihiligan ng mga kabataan. Ang mga aktibidad sa internet na lagi nilang binabalikan ay lumilikha din ng larawan ng kanilang pakikipag-ugnayang digital. Ang pinakapopular na aktibidad sa mga kabataan araw araw ay ang panonood ng mga bidyo.

Siyamnapu't apat na porsyento ng mga tinanong ang nagsasabi na nanonood sila ng mga bidyo araw araw. Ang ikalawa sa pinakapopular na aktibidad ay ang social media. Halos lahat ng mga kabataan ay gumagamit ng social media araw araw, gayunman, 64% sa kanila ang nagsasabi na gumugugol sila ng isang oras o mas mababa sa isang oras sa mga platapormang ito.

Sa kabuuan, may magkakahalang tugon ang mga kabataan sa social media. Marami ang nakikita na ito ay isang positibong anyo, na may tatlo sa limang kabataan ang sumasang-ayon na nakakatulong sa kanila ang social media para makadama ng kasiyahan sa kanilang mga buhay.


Gayunman, mahigit sa kalahati ng mga kabataan ang nagsabi na minsan o kadalasan, nang dahil sa *social media* nakararamdam ng kalungkutan, pagaalala o depresyon.



94% ng mga kabataan ang nanonood ng mga bidyo araw araw

64% ng mga kabataan ang nagsasabi na gumugugol sila ng isang oras o kulang sa isang oras sa social media araw araw.

PINAPARAMDAM NG SOCIAL MEDIA SA AKIN ANG KALUNGKUTAN, PAGAALALA O DEPRESYON



Ang Impluwensya ng Internet

Nakatanggap kami ng iba't ibang sagot mula sa mga kabataan patungkol sa kanilang nakagawiang paggamit at oras sa online, na sa aming pakiramdam ay dapat ikategorya ang mga kalahok sa hindi gaanong gumagamit ng internet (0-4 oras) at madalas na gumagamit ng internet (10+ oras online araw araw). Sa pamamagitan ng ganitong pagtingin ay may ilang interesado kaming natuklsan.

Pagdating sa kanilang mga layunin sa buhay, ang mga kabataan na madalas na gumagamit ng internet ay mas naipapahayag ang isang pagiging negosyante at mas interesado sa pagkita ng pera ang kanilang layunin sa kanilang kinabukasan kaysa sa mga kabataan na hindi gaanong gumagamit ng internet. Nagpapahayag din ng pagkakaiba ang mga kabataan sa kanilang karanasan sa pamilya. Ang mga madalas gumamit ng internet ay mas malamang na magsabi na sa kabuuan ay maayos ang kanilang karanasan sa kanilang pamilya at mas malamang na magsabi na bihira o hindi sila nakikipag-usap sa kanilang mga magulang tungkol sa mga isyu na talagang mahalaga sa kanila.

PAGGAMIT NG INTERNET AT KARANASAN SA BUHAY

MGA HINDI MADALAS GUMAMIT NG INTERNET
(0-4 oras online araw araw)


MGA MADALAS GUMAMIT NG INTERNET
(10+ oras online araw araw)



MGA LAYUNIN

Gusto kong mag-umpisa ng isang negosyo o magkaroon ng aking sariling kumpanya sa hinaharap.

Ang pinakamahalagang bagay sa aking magiging propesyon ay kung magkano ang kikitain ko dito.



PAMILYA

Sa kabuuan, maayos ang aking karanasan sa pamilya.


Nakikipagusap ako sa aking mga magulang tungkol sa mga isyu na talagang mahalaga sa akin.



MGA PANINIWALA

Naniniwala ako na okay lang na makipagtalik bago mag-asawa.

Okay lang para sa isang tao na baguhin ang kanilang katawan para magkaroon ng ibang kasarian.




Ipinapakita din sa datos ang mapa ng koneksyon sa ilang mga pananaw sa kultura at mga opinyon. Halimbawa, ang mga kabataang madalas gumamit ng internet ay mas malamang na magsabi na okey lang ang makipagtalik bago mag-asawa at tanggap ang pagbabago ng katawan para maging ibang kasarian. Ang ilan sa mga ito ay hindi nakakagulat, marahil kapag ang mga kabataang ito ay gumugugol ng napakaraming panahon online ay maaaring nahihikayat sa isang mas malawak na pananaw ng mundo at ng moralidad.

PAGGAMIT NG INTERNET AT PERSONAL NA PAGSISIKAP

HINDI MADALAS GUMAMIT NG INTERNET
(0-4 oras online araw araw)

MADALAS GUMAMIT NG INTERNET
(10+ oras online araw araw)

Sa loob ng nakalipas na tatlong buwan, nakaranas ako ng:



Ang ilan sa mga pinaka-nakagugulat na ugnayan sa datos na naging maliwanag kapag ang paggamit ng internet ng mga kabataan ay konektado sa kanilang karanasan sa buhay. Lumilitaw na ang mga madalas gumamit ng internet ay mas nahihirapan sa kanilang kalusugan sa pag-iisip. Ang mga kabataan na gumugugol ng 10 oras o higit pa sa online araw araw ay naiulat na mas mataas ang antas ng pagkabalisa at depresyon kumpara sa mga hindi gaanong gumagamit ng internet. Dalawang beses na mas malamang na magsabi ang mga kabataang ito na sila ay nakaisip na magpakamatay at nagtangka na ring magpakamatay sa loob ng nakalipas na tatlong buwan.

Maliwanag na ang mga natuklasan naming ito ay nakababahala. Gayunman, ang uri ng relasyon sa pagitan ng oras sa paggamit ng internet at personal na pagsisikap ng mga kabataan ay hindi pa malinaw. Ipinapakita ng datos na ito na may ilang uri ng koneksyon sa pagitan nila ngunit hindi ito nangangahulugan na ang isa ay hahantong sa isa pa. Posible na ang mga madalas gumamit ng internet ang nagdadagdag sa pakiramdam ng kawalang pag-asa sa buhay ng mga kabataan. Sa isang banda, ang mga kabataan na dati ng nahihirapan sa kanilang kalusugan sa pag-iisip ay maaaring bumabaling sa internet para makatakas. Maaaring parehong totoo ito sa ilang pagkakataon.

Konklusyon

Hindi natin malilimutan na ang mga buhay ng kabataan ay maaring mapuno ng pagbabago sa hormones, mabigo sa pakikisama at iba pang mga alalahanin na nagiging sanhi ng hindi magandang kalagayan ng kalusugan sa pag-iisip. Ang oras na ginugugol sa kagamitang digital ay isa lamang karagdagang elemento sa kumplikadong kumbinasyon ng mga dahilan na nakakaapekto sa buhay at personal na karanasan ng mga kabataan sa ngayon. Ano ang ibig sabihin ng lahat ng ito sa kung paano tayo makikipag-ugnayan sa henerasyong konektado sa digital? Narito ang ilang mga ideya na isasaalang-alang:

- **ANG BIDYO AY NAKAKAPOPOPULAR SA MGA KABATAAN.**
Ang bidyo ay isang mabisang paraan para abutin ang mga kabataan. Tandaan na 94% ng mga kabataan ay nanonood ng mga bidyo araw araw. Paano natin gagamitin ang kaakit-akit na medium na ito para abutin ang mga kabataan para kay Cristo?
- **LUMILIKHA ANG SOCIAL MEDIA NG MAGKAKAHALONG SAGOT.**
Karamihan sa mga kabataan ay tinitingnan ang kanilang *social media feeds* araw araw ngunit hindi gumugugol ng napakaraming oras doon (64%). Sa karagdagan, hati ang mga kabataan sa isyu kung nakakatulong ba o nakakasama sa kanila ang social media. Paano natin matutulungan ang henerasyong ito na suriin ang epekto ng kanilang gawi sa internet at malampasan ang mga tensyon na maaaring nararanasan nila?
- **ANG MGA KABATAAN SA KABILANG PANIG NG SCREEN AY MAAARING LIHIM NA NAKIKIPAGLABAN.**
Ang mga gumugugol ng napakaraming oras online ay mas malamang na humaharap sa mga isyu sa pag-iisip, kaya isipin mo kung paano ka magiging handa para tumugon kung dumating ang pagkakataon na makipagusap sila.



PAGKAKAKILANLAN AT MGA RELASYON

Ang Aming Natuklasan

Nasa kalahati ng bilang ng mga kabataan ang naniniwala na ang

kasarian ay pangunahing nakabase sa kasariang taglay ng tao ng siya ay isilang.




Ang natitirang kalahati ng bilang ay naniniwala na **ang kasarian ay isang bagay na ginusto ng isang tao** para sa kanyang sarili ayon sa kanilang personal na **nararamdaman o atraksyong sekswal.**




Ang mga babae

ay may **konting tradisyonal** na pananaw sa pag-aasawa kaysa sa mga lalaki.



48%

ng mga kabataan sa buong mundo ang naniniwala na ang pag-aasawa **ay hindi dapat na para lamang sa pagitan ng isang lalaki at isang babae.**



Sa kabuuan, **1 sa 10** mga kabataan ang pinanghahawakan ang **pananaw ng Kasulatan** sa pag-aasawa.




Ang mga kabataan ay nasisiyahan sa kanilang mga **relasyon** na may **82%** ang nagsabi na **maayos ang kanilang relasyon sa pamilya sa kabuuan** at kaparehong bilang din ang nagsasabi na mayroon silang **malapit na kaibigan na lubos na nakakakilala sa kanila.**

Pagkakakilanlan sa Kasarian Bilang Isang Pagpipilian

Ang pagkakakilanlan at mga relasyon ng isang kabataan ay masalimuot at napakapersonal. Walang pagsasaliksik ang makasusukat sa lahat ng nakapaloob na aspeto, kaya pinili namin na magtuon sa ilang pangunahing aspeto na may kaugnayan sa kung paano nila tinitingnan ang kanilang sarili at ang ibang tao. Ano ang kanilang masasabi tungkol sa pagkakakilanlan sa kasarian at ano ang kahalagahan nito para sa kanila? Gaano sila nasisiyahan sa kanilang relasyon sa kanilang kaibigan o sa kanilang pamilya? Ano ang pananaw na kanilang dadalhin hanggang sa kanilang pagtanda sa mga paksa gaya ng seks, at pag-aasawa? Ang mga usaping ito ay kumplikado, ngunit narito ang isang sulyap na aming natuklasan sa mahahalagang aspetong ito ng kanilang buhay.


Mga kalahati ng mga kabataan sa buong mundo ang pinanghahawakan ang isang tradisyonal na pananaw sa kasarian na nagsasabi na ito ay pangunahing nakabase sa kasarian ng isang tao noong siya ay isinilang. Ngunit ang natitirang kalahati ng mga kabataan ngayon ay naniniwala na ang kasarian ay isang pagpili—isang bagay na maaaring pagpasyahan ng isang tao ayon sa kanyang personal na nararamdaman o sekswal na atraksyon. Ito ay isang malaking bilang ng mga kabataan na naniniwala na ang kasarian ay hindi isang permanente kundi isang nababagong realidad.

ANG KASARIAN AY PANGUNAHING NAKABASE SA




Maraming mga kabataan din ang naniniwala na kung nararamdaman ng isang tao na iba ang kanyang kasarian, maaari silang makagawa ng paraan tungkol dito.

Dalawa sa limang kabataan sa buong mundo ang nagsasabi na katanggap-tanggap sa kanila kung ang isang tao na baguhin ang kanyang katawan para maging iba ang kanyang kasarian.




PANANAW SA KASARIAN AYON SA REHIYON



Ang mga opinyon ng henerasyong ito tungkol sa kasarian ay nagkakaiba-iba base sa kung saan sila naninirahan sa mundo. Sa Latin America halimbawa, ang bilang ng mga kabataan na naniniwala na ang kasarian ay ayon sa sariling pagpapasya ay halos doble kaysa sa mga kabataan na naniniwala na ang kasarian ay ibinigay buhat sa kanilang pagsilang. Sa kabaliktaran, mas nakararaming kabataan sa Africa ang hindi naniniwala na ang kasarian ay isang pagpipilian. Halos 3 sa 4 na kabataan sa mga bansa sa Africa ang naniniwala na ang kasarian ay pangunahing nakabase sa kasarian ng isang tao ng siya ay isinilang.

PAGKAKAKILANLAN SA KASARIAN AT PAGBABAGO



Habang maraming kabataan ang sumasang-ayon sa konsepto na ang isyu ng kasarian ay nagbabago, ipinapakita ng aming pagsasaliksik na mas kakaunting kabataan ang nagsasabi na personal silang nakakaranas sa kanilang pagkakakilanlan sa kasarian o nagkaroon sila ng kagustuhan na baguhin ang kanilang kasarian.


Sampung porsyento ng mga kabataan sa buong mundo ang nagsasabi na nakaranas sila ng pagkalito sa kanilang pagkakakilanlan sa kasarian sa loob ng nakalipas na 3 buwan, at 15% ang nagsasabi na nararamdaman nila na mas komportable sila sa kanilang sarili kung iba ang kanilang kasarian. Nakalalamang ng kaunti ang bilang ng mga babae kaysa sa mga lalaki na nagsasabi na nalilito sila sa kanilang kasarian (12% vs 9%), at kapansin-pansin na mayroon din silang kakaibang pananaw kaysa sa mga lalaki tungkol sa paksa sa kabuuan. Karamihan ng mga babae (59%) ang naniniwala na ang kasarian ay pangunahing nakabase sa damdamin o kagustuhan ng isang tao kumpara sa mas kakaunting bilang ng mga lalaki (42%) na pareho ang paniniwala. Malamang na mas higit din ang mga babae kaysa sa mga lalaki na nagsasabi na okey lang sa isang tao na baguhin ang kanilang katawan para maging iba ang kasarian (52% vs 32%).

Ang Impluwensya ng Relihiyon

Ang relihiyon ng isang kabataan ay isa pang elemento na may malinaw na epekto sa kanilang mga opinyon tungkol sa pagkakakilanlan sa kasarian. Sa lahat ng relihiyon, ang mga Muslim ang matibay na pinanghahawakan ang tradisyonal na pananaw. 62% ng mga kabataang Muslim na nagsasabi na ang kasarian ay base kung ano ang kasarian nung pagkasilang, sinundan ito ng 50% ng mga Kristiyano, at 41% ng mga kabataan mula sa ibang relihiyon. Ang mga kabataan na nagsasabi na wala silang relihiyon ang nangunguna sa paniniwala na ang kasarian ay sariling pagpapasya ayon sa nararamdaman o sa sekswal na atraksyon ng tao (63%).


Gayunman, malaki ang pagkakaiba ng pananaw ng mga tapat na Kristiyanong kabataan na pinanghahawakan ang mga pangunahing paniniwala ng kanilang pananampalataya at gayundin ang mga nagsasabi na nakaugalian na nila ang pagbabasa ng Bibliya at pananalangin. Pito sa sampung tapat na Kristiyanong kabataan ang pinanghahawakan ang tradisyonal na pananaw sa kasarian at isa lamang sa sampu ang naniniwala na katanggap-tanggap ang pagpapabago ng katawan para baguhin ang kasarian.

SUMAGOT ANG MGA KABATAANG KRISTIYANO




Atraksyon sa Kapareho ang Kasarian

Isang malaking bilang ng mga kabataan ang nagbahagi na ang atraksyon sa kapareho ang kasarian ay isang bagay na kanilang naranasan. 1 sa 5 kabataan sa buong mundo ang nag-ulat na nakadama sila ng atraksyong sekswal sa isang tao na kapareho nilang kasarian sa loob ng nakalipas na 3 buwan. Mas malamang na mag-ulat ng ganito ang mga nominal na Kristiyano kaysa sa mga tapat na Kristiyano.



1 SA 5 KABATAAN SA BUONG MUNDO ANG NAG-ULAT NG SEKSWAL NA ATRAKSYON SA KAPAREHONG KASARIAN KAMAKAILAN LAMANG

ATRAKSYON SA KAPAREHONG KASARIAN AYON SA BANSA




Sa pagsisiyasat sa paksang ito kasabay ang iba pang pagbabago sa aming pag-aaral, ilang kapuna-punang koneksyon ang lumitaw. Halimbawa, dalawang beses na mas nagkakagusto ang mga babae sa kaparehong kasarian kaysa sa mga lalaki (28% vs 13%). Ang karanasan ng isang kabataan sa kanilang tahanan ay tila may papel na ginagampanan sa bagay na ito. Ang mga kabataan na nagsasabi na mayroon silang hindi magandang karanasan sa pamilya ang malamang na magsabi na nakararanas sila ng atraksyon sa kaparehong kasarian kaysa sa mga kabataan na may magandang karanasan sa pamilya (30% vs 18%).

Tila ang relihiyon ang dahilan ng kabawasan. Ang mga kabataan na nagpapakilala na sila ay kabilang sa anumang uri ng relihiyon ay mas malamang na hindi nakakaranas ng atraksyon sa kaparehong kasarian kaysa sa mga kabataan na nagsasabi na hindi sila kabilang sa anumang relihiyon (18% vs 25%). Ang atraksyon sa kaparehong kasarian ay mas higit na mababa sa mga Muslim (13%) at mga tapat na Kristiyano (12%).


Panghuli, ang atraksyon sa kaparehong kasarian ay lumalabas kasama ng iba pang gawi. Sa mga kabataan na nagsasabi na nagtangka silang magpakamatay kamakailan lang, halos kalahati (46%) ang nagsasabi din na sila ay nakararanas ng atraksyon sa kaparehong kasarian. Ang paggamit ng bawal na gamot, depresyon, labis na pagkabalisa, o panonood ng pornograpiya ay mga elemento na nagpapataas ng antas na halos doble sa posibilidad ng atraksyon ng isang kabataan sa kaparehong kasarian.

4 NA SANHI NA MAY KAUGNAYAN SA ATRAKSYON SA KAPAREHONG KASARIAN




Pananaw sa Pag-aasawa

Ang pag-aasawa
ba ay dapat na
panghabambuhay?



OO 57% HINDI 16% SIGURO 27%


Ang pag-aasawa ba ay
dapat na eksklusibo
lamang para sa isang lalaki
at isang babae?



OO 40% HINDI 48% SIGURO 12%


OPINYON AYON SA KASARIAN

LALAKI BABAE




SUMAGOT NG OO

LALAKI BABAE




SUMAGOT NG HINDI

SAGOT NG BANSA



PINAKAMATAAS/PINAKAMABABA
SAGOT NA OO



PINAKAMATAAS/PINAKAMABABA
SAGOT NA HINDI

Inimbestigahan din namin ang mga paniniwala ng mga kabataan tungkol sa pag-aasawa—mga pananaw na dadalhin nila hanggang sa pagtanda at sa kanilang mga relasyon sa hinaharap.

Karamihan sa mga kabataan (57%) ay naniniwala na ang pag-aasawa ay dapat na panghabambuhay ngunit malaki-laking porsyento ang hindi nakatitiyak (27%) o nagsasabi na hindi sila sumasang-ayon (16%). Ang mga kabataan ay hindi rin kumbinsido na ang pag-aasawa ay para lamang sa isang lalaki at isang babae. Ang buong kalahati (48%) ng mga kabataan ang nagsasabi ng hindi, habang mas kakaunti (40%) ang nagsasabi ng oo.


Kapuna-puna na may kakaibang pananaw tungkol sa pag-aasawa ang mga babae kaysa sa mga lalaki. Sa karaniwan, ang mga babae ay mas hindi naniniwala na ang pag-aasawa ay panghabambuhay (53% vs 61%) at mas malamang na magsabi na ang pag-aasawa ay hindi dapat na eksklusibo para lamang sa isang lalaki at isang babae.

Sa pagtingin sa mga opinyon na ito sa iba't ibang kultura, may malawak na pagkakaibang sagot ang mga kabataan. Ang mga kabataan sa Africa ang malamang na naniniwala na ang pag-aasawa ay dapat na panghabambuhay, habang ang mga kabataan sa Latin America ay hindi sumasang-ayon dito.

Ang isang biblikal na pananaw sa pag-aasawa ay opinyon ng ilan. 1 lamang sa 7 kabataan ang naniniwala na ang pag-aasawa ay dapat na panghabambuhay sa pagitan ng isang lalaki at isang babae, at ang pagtatalik ay dapat na ilaan lamang sa konteksto ng pag-aasawa.


1 SA 7
KABATAAN ANG
MAY BIBLIKAL
NA PANANAW
SA PAG-AASAWA

SUMAGOT ANG MGA KRISTIYANONG KABATAAN




Sa kabila ng katuruan ng Bibliya sa paksa, pareho lang ang sagot ng mga Kristiyanong kabataan sa pangkalahatang sagot ng mga kabataan sa mundo (51%). Sa aktwal, mas malamang na magsabi ang mga Kristiyanong kabataan na sila ay aktibo sa sekswal sa loob ng nakalipas na 3 buwan kaysa sa mga kabataan na kabilang sa ibang relihiyon (34% vs 26%).

Ang mga tapat na Kristiyanong kabataan ay mayroong mas biblikal na pananaw sa mga paksang ito, gayunman, sila rin ay malamang na mag-ulat ng kamakailan lamang na gawaing sekswal.




Relasyon sa Kaibigan at Kapamilya

Pagdating sa kanilang pangkasalukuyang komunidad, karamihan sa mga kabataan ang nagsasabi na sila ay nasisiyahan sa kanilang relasyon sa mga kaibigan at mga kapamilya. 82% ng mga kabataan sa buong mundo ang nagsasabi na maganda ang kanilang karanasan sa kanilang pamilya sa pangkalahatan. Ito ay kapuna-punang karamihan kung isasaalang-alang ang malawak at iba't ibang pamilya, mga kultura, at mga pangyayari na kumakatawan sa pag-aaral na ito.



India lamang ang tanging bansa sa aming pag-aaral kung saan baliktad ang istatistikang ito. Halos kalahati (47%) ng mga kabataan sa India ang nagsasabi na sila ay namumuhay kasama ng isang magulang, at 20% lamang ang namumuhay na kasama ang 2 magulang. Sa kabila nito, iniulat ng mga kabataan sa India na sila ang pinaka-nasisiyahan sa kanilang karanasan sa pamilya kumpara sa alinman sa 20 mga bansa sa ating pag-aaral. Isang napakainam na 93% ng mga kabataan sa India ang nagsabi na sa kabuuan, maganda ang kanilang karanasan sa kanilang pamilya.

Nakatipon din kami ng ilang mga praktikal na kaalaman sa pagiging malapit ng mga kabataan sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila tungkol sa dalas ng pakikipag-usap nila sa kanilang magulang tungkol sa mahahalagang bagay. Napakalaking bilang ng mga kabataan sa mundo ang nagsasabi na sila ay paminsan-minsan o laging nakikipag-usap sa kanilang mga magulang tungkol sa mga isyu na talagang mahalaga sa kanila.




Muli, ang India ang natatanging bansa na may 63% ng kabataan ang nagsasabi na lagi silang nakikipag-usap sa kanilang mga magulang tungkol sa mga isyu na talagang mahalaga sa kanila.

Sa kabilang dako, ang mga kabataan sa America ang pinakakakaunti ang posibilidad na magkaroon ng madalas na mahalagang pakikipag-usap. Ang Estados Unidos din ang may pinakamababang puwesto sa isyu ng kasiyahan sa pamilya. Tatlo sa sampung kabataan sa America ang nagsabi na sa kabuuan hindi maganda ang kanilang karanasan sa pamilya.


82% NG MGA KABATAAN SA BUONG MUNDO ANG NAGSASABI NA MAYROON SILANG MALALAPIT NA KAIBIGAN NA LUBOS NA NAKAKAKILALA SA KANILA

Nakikipagusap ako sa aking mga magulang/tagapagalaga tungkol sa mga isyu na talagang mahalaga sa akin.



● LAGI ● MINSAN ● BIHIRA O HINDI KAHIT KAILAN

MAYROON AKONG MALALAPIT NA KAIBIGAN NA LUBOS NA NAKAKAKILALA SA AKIN



Ipinahiwatig din ng mga kabataan na mayroon silang matibay na pakikipagkaibigan sa kanilang mga buhay. Walumpo't dalawang porsyento ng mga kabataan sa buong mundo ang may malapit na kaibigan na nakakakilala sa kanila ng lubos. Mahalagang bilang ng iilang mga kabataan ang hindi sumasang-ayon sa kakaunti lamang mga bansa sa buong mundo.

Kapuna-puna na ang ang relihiyon at kasarian ay walang mahalagang papel sa pagkakaroon ng kasiyahan ng mga kabataan sa kanilang mga kaibigan at pamilya. May pagkakatulad ang mga sagot sa pagitan ng mga lalaki at mga babaeng kabataan sa iba't ibang relihiyon pagdating sa pag-uulat tungkol sa mga malalapit na kaibigan, positibong karanasan sa pamilya, at kung sila ay mayroon o walang makabuluhang pakikipag-usap sa kanilang mga magulang.

Konklusyon

Ang mga paksa sa pagkakakilanlan at relasyon ay maaaring maraming mukha at mahirap na lutasin. Ang bawat tao ay may kanya-kanyang sariling karanasan, kulturang kinalakhan, at mga opinyon sa usapin. Habang wala pang isang pananaw na naglalarawan sa henerasyong ito sa buong mundo, ipinapakita ng mga datos ang lumilitaw na kalakaran na maaaring gumabay sa ating pang-unawa at pagtugon.

- **ANG HENERASYONG ITO AY NAHAHATI SA PANANAW NITO SA PAGKAKAKILANLAN SA KASARIAN.**

Kalahati ng mga kabataan sa ngayon ang naniniwala na ang kasarian ay nalalaman mula sa pagkasilang, habang ang natitirang kalahati ay naniniwala na ang kasarian ay isang bagay na natutukoy ayon sa personal na pakiramdam at sekswal na pagnanasa ng isang tao. Paano natin maiuugnay ang mga kabataan sa isang lubusang usapan tungkol sa paksang ito at sa mga implikasyon ng mahahalagang desisyong ito sa buhay?

- **MAY PANSARILING PANANAW ANG MGA KABATAAN SA PAG-AASAWA.**

Ang henerasyong ito ay tila nagbabago na sa isang tradisyonal na pananaw sa pag-aasawa bilang isang panghabambuhay na pagsasama sa pagitan ng isang lalaki at babae. Bilang karagdagan, mas maraming bilang ng mga kabataan ang hindi ipinagpapaliban ang pagtatalik pagkatapos ng kasal. Paano natin tutulungan ang mga kabataan na hindi lamang maunawaan ang plano ng Diyos sa pag-aasawa kundi maging ang mga pakinabang ng pangako sa isa't isa pagdating sa kasunduang ito?

- **MAY IBANG KURU-KURO AT KARANASAN ANG MGA BABAE KAYSA SA MGA LALAKI.**

Ang pagsasaliksik na ito ay nagpapakita na ang mga babae ay di gaanong biblikal sa pananaw sa pag-aasawa kaysa sa mga lalaki at mas malamang na nakararanas ng mga isyu sa pagkakakilanlan sa kasarian. Ipinapakita ng mga datos na ito kung ano ang nangyayari ngunit hindi kung bakit ito totoo o kung ano pa ang nakaapekto sa kalagayang ito. Paano natin matutulungan ang mga kababaihan na mas maunawaan ang kanilang mga opinyon, mga karanasan at mga pinagdadaanan sa mga aspetong ito?

- **MEDYO NASISIYAHAN ANG MGA KABATAAN SA KANILANG MGA RELASYON SA PAMILYA.**

Kapansin-pansin na ang mga kabataan sa India ang pinakamasaya sa kanilang karanasan sa pamilya, bagama't mas madalas na namumuhay sila kasama ang isang magulang. Tila nagpapahiwatig ito na tipikal na minamahal ng mga kabataan ang kanilang mga pamilya kahit na ano pa ang sitwasyon o mga kahirapan na kanilang hinaharap sa kanilang paglalakbay.




MGA IMPLUWENSYA AT MGA GABAY NA TINIG

Ang Aming Natuklasan

KAHULUGAN NG BUHAY


Sinasabi ng mga kabataan na ang kanilang **pamilya** ang pangunahing impluwensya para sa gabay sa ilan sa mahahalagang katanungan tungkol sa kung ano ang tama at mali at ano ang kahulugan ng buhay.



KASARIAN AT SEKSWALIDAD

Ang **Social Media** at mga **kaibigan** ang pinaka nakakaimpluwensya sa mga kabataan pagdating sa usapin tungkol sa kasarian at sekswalidad.

Sinasabi ng mga kabataan na ang kanilang **personal na karanasan** ang nangungunang **dahilan sa pagbabago ng kanilang pag-iisip tungkol sa paniniwalang panrelihiyon.**



Medyo kakaunting kabataang Kristiyano ang nagsasabi na ang mga **katuruan mula sa kanilang pastor** ang magiging pangunahing dahilan sa pagbabago ng kanilang pag-iisip tungkol sa paniniwalang panrelihiyon.



Ang mga **tapat na kabataang Kristiyano** ay apat na beses na mas **lalapit sa kanilang mga pastor o sa Bibliya** para sa gabay kaysa sa mga nominal na Kristiyano.

Mga Impluwensya at mga Gabay na Tinig

May mga opinyon ang mga kabataan sa maraming mga bagay, ngunit ang kanilang mga pananaw ay bihirang na mag-isa. Gusto naming malaman ang may pinakamalaking impluwensya para sa henerasyong ito.

Sino ang kanilang pinagtitiwalaan para sa gabay at payo? Pagdating sa ilan sa pinakamahalagang katanungan sa buhay, anong mga tinig ang kanilang pinakikinggan? Ano ang makapagpapabago sa kanilang isip tungkol sa isang mahalagang paniniwala?

Bagama't malayo sa pagiging ganap, binigyan tayo ng mga datos na ito ng ilang kaalaman kung paanong nabubuo ng mga kabataan ang kanilang mga pananaw.

PINAGTITIWALAAN NG MGA KABATAAN ANG KANILANG PAMILYA

Sinasabi sa atin ng mga kabataan na kadalasan silang bumabaling sa pamilya para sa gabay sa ilan sa mga pinakamahalagang paksa sa buhay. Ang mga miyembro ng pamilya ang nangungunang impluwensya pagdating sa mga katanungan tungkol sa kahulugan ng buhay at sa kung ano ang tama at mali.

Ang mga kaibigan o kabarkada at social media ang bumubuo sa mga nangungunang impluwensya ng mga kabataan, habang ang kanilang mga guro o tagapayo, lider panrelihiyon o mga babasahing panrelihiyon, at ang mga babasahin offline ay mas mababa sa kanilang listahan.

Tiyak na marami pang ibang aspeto ang ating maitatanong sa mga kabataan. Ngunit ang iyong pinaniniwalaan tungkol sa pinakalayunin ng buhay at kung saan nanggagaling ang moralidad ang may malalim na implikasyon kung paano ka kikilos.

TUNGKOL SA KAHULUGAN NG BUHAY MGA USAPIN



- 1 MGA MIYEMBRO NG PAMILYA **41%**
- 2 ONLINE/SOCIAL MEDIA **20%**
- 3 MGA KAIBIGAN/KABARKADA **19%**
- 4 MGA GURO/TAGAPAYO **7%**
- 5 OFFLINE MEDIA **7%**
- 6 MGA LIDER SA RELIHIYON/
BABASAHING PANRELIHIYON **7%**

TUNGKOL SA TAMA AT MALI

MGA USAPIN



- 1 MGA MIYEMBRO NG PAMILYA **50%**
- 2 MGA KAIBIGAN/KABARKADA **16%**
- 3 ONLINE/SOCIAL MEDIA **14%**
- 4 MGA GURO/TAGAPAYO **9%**
- 5 MGA LIDER SA RELIHIYON/
BABASAHING PANRELIHIYON **7%**
- 6 OFFLINE MEDIA **5%**

Ang dalawang pangunahing katanungang ito ay kritikal sa napakahalagang mga taon ng mga kabataan kung kailan binubuo nila ang kanilang pananaw sa mundo—isang set ng mga gabay na paniniwala—na kanilang dadalhin hanggang sa kanilang pagtanda.


Pagdating sa isyu ng moralidad, ang mga kabataan sa Latin America ay mas nagtitiwala sa pamilya kaysa sa mga kabataan sa alinmang rehiyon sa mundo. Tatlo sa limang kabataan sa Latin America ang nagsasabi na ang pamilya ang kanilang pinupuntahan para sa impormasyon o gabay sa kung ano ang tama at mali.

Ngunit kahit na sa mga bansa kung saan ang antas ng pagsang-ayon ay mas mababa, nananatiling ang pamilya ang nangungungang pinipili sa mga kasagutan.


IMPLUWENSYA NG PAMILYA AYON SA BANSANG

Pinakamadalas na pumupunta ako sa pamilya para sa impormasyon o gabay tungkol sa kung ano ang tama at mali

NANGUNGUNANG MGA BANSANG



PINAKAHULING MGA BANSANG



Ang pamilya ang nananatiling isang mahalagang gabay na tinig para sa mga kabataan maging sa mga bansa kung saan iniulat ng mga kabataan na mayroon silang negatibong karanasan sa pamilya. Halimbawa, ang Estados Unidos ang bansa na pinakamababa ang pwesto pagdating sa kasiyahan ng mga kabataan sa pamilya. Gayunman, mas mataas kaysa sa pamantayang bilang ang bilang ng mga kabataan sa America ang nagsasabi na madalas silang pumupunta sa pamilya para sa impormasyon at gabay tungkol sa kung ano ang tama at mali (52%) o tungkol sa kahulugan ng buhay (42%). Tila lumalabas na sa kabila ng mga lubak sa paglalakbay, patuloy na ang mga magulang at mga miyembro ng pamilya ang pinagtitiwalaang impluwensya sa buhay ng mga kabataan.


Mas kakaunti sa **1 sa 10** mga kabataang Kristiyano ang nagsasabi na kadalasan silang pumupunta sa kanilang mga pastor o sa Bibliya para sa gabay sa kahulugan ng buhay.

Maaaring hindi nakakagulat na ang mga impluwensya ng mga kabataan ay may maliit na pagkakaiba depende sa kanilang relihiyon. Ang mga Kristiyano ay mas malamang na sumangguni sa kanilang pamilya para sa gabay tungkol sa kahulugan ng buhay kaysa sa ibang mga kabataan at mas kaunti ang posibilidad na sumangguni sa social media o mga kaibigan at kabarkada.

MGA IMPLUWENSYA AYON SA RELIHIYON

Saan ako madalas na pumupunta para sa impormasyon o gabay tungkol sa kahulugan ng buhay:

■ WALANG RELIHIYON ■ MGA IBANG RELIHIYON ■ KRISTIYANO



Isang Naiibang Usapin


Isa pang aspeto na aming tinanong sa mga kabataan ay ang mga paksa ng kasarian, sekswalidad, at mga isyung sekswal. Makikita natin na iba iba ang usaping ito sa mga kabataan na nag-uulat ng iba't ibang impluwensya.

Sa isyung ito, ang internet ang gabay na tinig, na may mahigit sa isa sa tatlong kabataan ang nagsasabi na kadalasan silang sumasangguni sa social media para sa impormasyon o gabay sa mga paksa ng ito. Ang mga kaibigan at kabarkada ang ikalawa sa pinaka-maimpluwensya at ikatlo ang mga miyembro ng pamilya. Nasa pinakaibaba ng listahan ang mga lider at babasahing panrelihiyon.

Kahit na sa mga Kristiyano, ang social media o internet ang pumalit sa pamilya bilang nangungunang impluwensya ng mga kabataan sa paksa ng ito. Pagdating sa kasarian at sekswalidad, ang tinig ng kultura ang tila lumulunod sa iba pang mga tinig gaya ng Kasulatan o ng simbahan.


Gayunman, nakikita namin ang mahahalagang pagkakaiba sa mga tapat na Kristiyano na pinanghahawakan ang mga pangunahing paniniwala ng Kristiyanismo at nakaugalian na ang pagbabasa ng Bibliya at pananalangin. Ang mga kabataang ito ay nag-uukol ng higit na pansin sa kanilang mga lider espirituwal at sa Salita ng Diyos. Ang mga tapat na Kristiyanong kabataan ay nasa apat na beses na mas malamang kaysa sa mga nominal na Kristiyano na magsabi na mas madalas silang pumupunta sa mga lider o babasahing panrelihiyon para sa gabay.

KASARIAN AT SEKSWALIDAD MGA USAPIN



- 1 ONLINE/SOCIAL MEDIA **36%**
- 2 MGA KAIBIGAN/KABARKADA **23%**
- 3 MGA MIYEMBRO NG PAMILYA **20%**
- 4 MGA GURO/TAGAPAYO **11%**
- 5 OFFLINE MEDIA **6%**
- 6 MGA LIDER AT BABASAHING PANRELIHIYON **4%**

MAS MADALAS NA PUMUPUNTA SA MGA LIDER O BABASAHING PANRELIHIYON PARA SA IMPORMASYON O GABAY



Ano ang Makapagbabago sa Kanilang Isipan

Ang mga Impluwensya ay tumutulong sa pagbibigay ng impormasyon at humuhubog sa mga opinyon ngunit sa huli, ang bawat tao pa rin ang nagdedesisyon para sa kanilang sarili kung ano ang kanilang paniniwalaan at gaano sila kalakas na kumapit sa paniniwalang iyon.

Ninaiis naming lumalim pa ang aming pagsasaliksik para malaman kung ano ang makapagbabago sa isipan ng mga kabataan tungkol sa isang paniniwalang panrelihiyon na kanilang pinanghahawakan.

Ang mga personal na karanasan, gaya ng sagot sa panalangin, ang pinaka-napiling sagot sa mga pagpipilian. Pinapaboran din ng mga kabataan ang pagsisiyasat sa isyu para sa kanilang sarili kaysa magtanong sa iba. Ang mga pakikipag-usap sa kanilang kinikilalang awtoridad gaya ng mga magulang o mga pastor ay mababa ang puwesto sa listahan at ang pinakahuli ay ang pakikipag-usap sa mga kaibigan.

ANO ANG MAS MALAMANG
NA MAGPABAGO NG IYONG
ISIP TUNGKOL SA
PANINIWALANG
PANRELIHIYON?




- 1 MGA PERSONAL NA KARANASAN GAYA NG ISANG SAGOT SA PANALANGIN: **37%**
- 2 AKING SARILING PAGSISIYASAT ONLINE O SA MGA LIBRO: **26%**
- 3 PAKIKIPAG-USAP SA AKING MGA MAGULANG: **18%**
- 4 MGA KATURUAN MULA SA MGA LIDER NG RELIHIYON: **12%**
- 5 PAKIKIPAG-USAP SA AKING MGA KAIBIGAN: **8%**

Ang India ang tanging bansa kung saan ang mga sagot sa tanong na ito ay dramatikong nabaliktad. Halos kalahati (46%) ng mga kabataan sa India ang nagsabi na ang pakikipag-usap sa kanilang mga magulang ang malamang na makapagpabago sa kanilang isip at mas mababa ang personal na karanasan sa kanilang sagot (15%).

Ang mga kabataan na walang relihiyon ay higit na umaasa sa kanilang sariling pagsisiyasat, ngunit kahit ganito, sinasabi nila na maaari silang mabago ng isang personal na karanasan. Ang mga Kristiyano ay mas malamang na magsabi kaysa sa mga kabataan sa ibang relihiyon na ang personal na karanasan ang makapagbabago sa kanilang isipan. Sa lahat ng relihiyon, ang mga Muslim ang nagbigay ng pinakamababang diin sa mga personal na karanasan at nagbigay ng pinakamataas na diin sa mga katuruan mula sa mga lider ng relihiyon. (Tandaan na ang mga Muslim ang pinakamalaking grupo na kasama sa kategorya ng “ibang mga relihiyon” sa ibaba).

MALAMANG NA MAKAPAGBAGO SA KANILANG ISIPAN TUNGKOL SA ISANG PANINIWALANG PANRELIHIYON



Konklusyon

Nakakatulong na marinig ng direkta mula sa mga kabataan kung ano ang mga impluwensya at mga gabay na tinig na kanilang pinakikinggan sa isang mas nagiging kumplikado at nakalilitong mundo na kanilang tinitirhan. Narito ang ilang mga bagay na dapat isaalang-alang tungkol sa kanilang mga sagot:

- **NAPAKAHALAGA NG IMPLUWENSYA NG PAMILYA.**
Ipinapakita ng pagsasaliksik na ito na pagdating sa ilan sa pinakamahalagang katanungan sa buhay—, higit na nagtitiwala at bumabaling ang mga kabataan sa kanilang pamilya para sa gabay. Pinakamahalaga ang papel na ginagampanan ng mga magulang sa pagpapasya ng mga kabataan kung ano ang kanilang paniniwalaan.
- **ANG KASULATAN AT SIMBAHAN AY MAY MAHINANG IMPLUWENSYA KAYSA SA IBA.**
Totoo ito lalo na pagdating sa usapin patungkol sa kasarian at sekswalidad. Malakas ang tinig ng kultura gaya ng ipinapahayag sa pamamagitan ng social media at mga kabarkada at ito ang nagtatatag ng pamantayan para sa mga kabataan sa mahahalagang paksang ito. Paano yayakapin ng simbahan ang papel nito sa paggabay sa mga kabataan sa mahahalagang usaping ito?
- **NAPAKALAKI NG IMPLUWENSYA NG MGA PERSONAL NA KARANASAN SA BUHAY NG MGA KABATAAN.**
Ang mga kabataan na lumalakad na kay Cristo ay patuloy na nagugutom para sa tunay na karanasan ng kanilang pananampalataya, at kahit na maging ang mga nagsasabi na walang Diyos ay bukas sa pagbabago ng kanilang isip kung personal nila Siyang mararanasan. Paano tayo makatutulong upang lumikha ng kapaligiran at oportunidad para mangyari ang mga karanasang ito?



SULAT MULA KAY ROB HOSKINS

Nakikinig ba tayo?

Batay sa pagsasaliksik na ito, tunay ngang alam na natin ngayon kung sino at ano ang nakakaimpluwensya sa mga kabataan ngayon. Ang gawain ng paghubog ng isang makadiyos na henerasyon sa gitna ng isang kultura na naniniwalang lumipas na ang katotohanan ay tila imposible, ngunit walang imposible sa ating Diyos; Siya ang Diyos na hindi mapipigilan.

Maaaring hindi natin naranasan noong ating kabataan ang parehong mga bagay na hinaharap ng ating mga kabataan ngayon, ang pagsasaliksik — gaya ng ulat na ito — ay isang rebelasyon. Mula dito, maaari nating hukayin ang realidad ng mga hamon na hinaharap araw-araw ng ating mga kabataan ngayon.

Ang mga pahinang ito ay malinaw na naglalahad na ang mga kabataan ay sabik sa matalinong payo sa mga paksa na pinalabo ng kultura gaya ng kasarian at sekswalidad. Ang nakakagulat na antas ng mga personal na pakikipaglaban at pag-iisip/tangkang pagpapakamatay sa ating mga kabataan ay kanilang maliwanag na sigaw ng paghingi ng tulong. Sa karagatang ito ng kaguluhan, huwag tayong mawalan ng pag-asa dahil may magandang balita! Itinuturing ng mga kabataan ang pamilya — biolohikal o espiritwal — bilang unang lugar kung saan sila pupunta sa tuwing may malaki silang katanungan tungkol sa kanilang buhay.

Sa kasamaang palad, tila na sa halip na pumunta sa mga pinagggagalingan ng aktwal na katotohanan na matatagpuan sa Salita ng Diyos, mga pastor, at simbahan, ang ating mga kabataan ay pumupunta sa Google at YouTube para maghanap ng mga kasagutan kung sino sila at kung ano ang kanilang layunin. Hindi na bago ang kanilang pagkalito. Sa katunayan, sa aking palagay, ang mga kabataan ngayon ay halos katulad ni Tomas na nagdududa sa Juan 14:5-6 noong magtanong siya ng isang malaking katanungan sa buhay, “Paano namin malalaman ang daan?”

Habang sinusubukan ng ating mga kabataan na mamuhay sa isang mundo kung saan ang kultura ay mapanghikayat at mapanghimasok, trabaho natin na gabayan sila sa walang hanggang katotohanan. Dapat natin silang ituro kay Jesus, na tumutugon sa pagaalinlangan, kaguluhan at katanungan sa mga pananalitang totoo pa rin mula noong panahon ni Tomas hanggang ngayon. Kailangang malaman ng susunod na henerasyon na ang kasagutan sa kanilang mga katanungan ay wala sa ulap at kahit gaano kakumplikado, nakalilito, at problemado ang mundong ito, lagi silang makatatagpo ng katotohanan at makakamit ang kasagutan sa Kanyang sagot:

“Ako ang daan.”

Tungkol sa OneHope

Sa pakikipagtulungan sa mga lokal na simbahan, mga ministeryo, at pamahalaan sa buong mundo, inabot na ng OneHope ang mahigit sa 1.6 bilyong bata at kabataan ng Salita ng Diyos. Ayon sa pagsasaliksik na ginawa ng OneHope sa bawat bansa, nilikha ang mga programa pang Kasulatan para maging napapanahon ayon sa edad at kultura. Mula noong 1987, tinulungan ng OneHope ang mga bata na maranasan ang kuwento ng Diyos, na ibinabahagi ang bumabago ng buhay na mensahe ng pag-asa para sa mga bata at kabataan sa bawat bansa.
onehope.net

Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay nagsiyasat ng 8,394 na mga kabataan mula sa edad na 13-19 sa dalawampung bansa. Sa bawat bansa, isang kinatawan na sampol ng humigit kumulang sa 400 na kabataan ang nagbigay ng lakas sa istatistika para maging 95 porsyentong katiwa-tiwala ang mga resulta ng mga porsyento sa loob ng 5% ng aktwal na populasyon para sa mga kabataang may edad na 13-19 para magampanan ang mga kaukulang pagsusulit istatistika. Para sa mga bansa na maraming rehiyon at sa buong mundo, ang antas ng pagtitiwala ay mas mataas at mas mababa naman ang antas ng pagkakamali.

Sa Limang mga bansa (China, Egypt, India, Japan, at Vietnam), ginamit ang mga quota para tiyakin na may kahit 10% Kristiyano sa mga lumahok para magkaroon ng isang makabuluhang sukat ng sampol para sa analisis base sa relihiyon at pagkukumpara. Sa ibang mga bansa, may naabot na pinakamababang target na 10% na sampol para sa mga Kristiyano o mga Muslim na hindi gumamit ng quota. Isang sampol na quota ang ginamit din sa Kenya para tiyakin na may 40% man lamang na mga babaeng kalahok.

Ang instrumento ay ipinamahagi sa pamamagitan ng Centiment Research. Bilang pagbabantay sa kalidad, ang mga kalahok ay hindi na maaaring makasali kung mali ang kanilang sagot sa isang simpleng tanong na humihikayat ng atensyon. Ang instrumento sa pagsasaliksik ay kinapapalooban ng 70 pangunahing tanong, na may ilang karagdagang katanungan na sadyang ginawa para sa bawat rehiyon para siyasatin ang mga partikular na paksa ng interes.

Pangongolekta ng Datos

Ang datos para sa pag-aaral na ito ay kinolekta mula noong Pebrero 24 hanggang Marso 27, 2020. Naniniwala kami na ang pagsasaliksik na ito ay eksaktong naglalarawan ng mga paniniwala at gawi ng mga kabataan bago nila maramdaman ang malawakang epekto mula sa mga bahay at utos ng quarantine na maaaring asahang makaapekto sa mga puntos ng datos kabilang ang kabuuang bilang ng oras na ginugugol online at mga pahiwatig ng kalusugan sa pag-iisip kabilang ang depresyon, pagkabalisa, at iba pa na sinuri bilang bahagi ng pag-aaral. Sa bawat bansa, hindi kabilang ang China, ang koleksyon ng mga datos ay nakumpleto bago ipinatupad ang mga lockdown dahil sa pandemyang COVID-19. Hindi kabilang ang China bilang sentro ng pandemya na may pinakaunang patakaran ng lockdown.

BANSA

LAKI NG SAMPOL

PETSA NG KOLEKSYON NG MGA DATOS

Argentina	420 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 2, 2020
Brazil	420 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 11, 2020
China	420 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 6, 2020
Colombia	413 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 2, 2020
Egypt	420 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 9, 2020
India	412 kabataan	mula Pebrero 28 hanggang Marso 17, 2020
Indonesia	420 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 7, 2020
Japan	425 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 23, 2020
Kenya	435 kabataan	mula Pebrero 25 hanggang Marso 27, 2020
Mexico	420 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 2, 2020
Netherlands	419 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 8, 2020
Nigeria	420 kabataan	mula Pebrero 24 hanggang Marso 20, 2020
Portugal	419 kabataan	mula Marso 7 hanggang Marso 18, 2020
Romania	420 kabataan	mula Pebrero 28 hanggang Marso 13, 2020
Russia	418 kabataan	mula Pebrero 27 hanggang Marso 2, 2020
South Africa	420 kabataan	mula Pebrero 24 hanggang Marso 7, 2020
Spain	420 kabataan	mula Marso 7 hanggang Marso 13, 2020
United Kingdom	420 kabataan	mula Pebrero 24 hanggang Marso 3, 2020
United States	410 kabataan	mula Pebrero 24 hanggang Pebrero 29, 2020
Vietnam	423 kabataan	mula Marso 13 hanggang Marso 26, 2020

Mga Pakahulugan

MGA TUNAY NA KRISTIYANO

Mga kabataan na ipinapakilala ang sarili bilang Kristiyano, pero hindi bilang Saksi ni Jehova o Mormon at nakaabot sa mga sumusunod na pamantayan:

- mayroong Diyos at maaari silang magkaroon ng personal na relasyon sa Kanya.
- Naniniwalang si Jesus ay ang Anak ng Diyos.
- Naniniwalang ang kapatawaran ng mga kasalanan ay posible lamang sa pamamagitan ni Jesu Cristo.
- Naniniwalang ang Bibliya ay Salita ng Diyos.
- Kusang nagbabasa ng Kasulatan araw araw o linggu linggo.
- Nananalangin araw araw o linggu linggo.

Tandaan na ang mga tunay na Kristiyanong kabataan ay maaaring katoliko, Sabadista, Orthodox o alinman sa ibang denominasyong Kristiyano.

MGA NOMINAL KRISTIYANO

Mga kabataan na ipinapakilala ang sarili bilang Kristiyano pero hindi bilang Saksi ni Jehovah o Mormon na hindi nakaabot sa pamantayan ng mga pangunahing paniniwala o mga kinaugaliang gawin ng mga tunay na Kristiyano.

MGA IBANG RELIHIYON

Mga kabataan na ipinapakilala ang sarili bilang Buddhist, Hindu, Hudyo, Muslim o ibang relihiyon.

WALANG RELIHIYON

Mga Kabataan na ipinapakilala ang sarili bilang ateista, agnostik o wala sa mga nasa itaas.

MGA KATANUNGAN?

May katanungan tungkol sa pagsasaliksik na ito?
Contact research@onehope.net



Global Youth Culture, Global Report
Copyright © 2021 by OneHope, Inc.
600 SW Third Street Pompano, FL 33060
onehope.net

Ang mga sipi sa Bibliya ay mula sa Magandang Balita Biblia® (MBBTAG®)
Copyright © Philippine Bible Society 2012.
All rights reserved.
MBBTAG: 2012

Suggested citation:
OneHope. (August 2020). *Global Youth Culture, Global Report*. www.globalyouthculture.net



GLOBAL YOUTH CULTURE

